# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

**ARALING PANLIPUNAN III**



# MODYUL 14

# PANAHON NG EKSPLORASYON AT PAGLAWAK NG TERITORYO

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

## MODYUL 14
## PANAHON NG EKSPLORASYON AT PAGLAWAK NG TERITORYO

Noong ika-14 na siglo ang mga Europeong manlalakbay at mandaragat ay nagsimulang maghanap ng panibagong ruta sa karagatan upang makipagkalakalan sa mga bansa sa Asya. Dala-dala nila ang paniniwalang marami silang matatagpuang mga mineral, yamang likas, spices at makokonberto ang mga katutubong matatagpuan nila sa mga isla sa Kristiyanismo. Ito ang naging simula ng ugnayan sa pagitan ng Kanluran at ibang bahagi ng daigdig sa pamamagitan ng kanilang mga kalakal at kabihasnan.

May tatlong araling inihanda para sa inyo sa modyul na ito:

- Aralin 1: Mga Unang Eksplorasyon
- Aralin 2: Mga Pangkatubigang Imperyo
- Aralin 3: Pagbabago ng Pamaraan sa Pamumuhay

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Natatalakay ang mga dahilan at salik na nakaapekto sa ginawang eksplorasyon ng mga Europeo sa Silangan
2. Nakikilala ang mga unang nabigador na nagpasimulang naglakbay sa katubigan
3. Nasusuri ang mga dahilan kung bakit pinakinabangan ng mga Europeo ang kalupaan at mga tao na kanilang natagpuan sa Asya, Aprika at Amerika
4. Nahihinuha ang posibleng epekto ng pang-kalakalan at kolonyal na ekspansiyon ng mga bansang Europeo sa Asya, Aprika at Amerika
5. Nakapagbibigay ng sariling opinyon sa kabutihan at di kabutihang naidulot ng eksplorasyon at kolonisasyon sa pamumuhay at pangkabuhayan ng mga bansang sinakop

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.




**PANIMULANG PAGSUSULIT:**

I. Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ang Europa ay dumepende sa mga matatagpuang spices sa Asya at sa India, ang mga sumusunod ay spices maliban sa
   a. pepper
   b. cinnamon
   c. asukal
   d. nutmeg

2. Ang mga spices na natagpuan ng mga Europeo sa Asya ay ginagamit nila sa kanilang
   a. pag-preserba sa kanilang mga karne
   b. pagkain
   c. pakikipagkalakalan
   d. palitan ng produkto sa kalapit na bansa

3. Gumamit ang mga manlalakbay at mandaragat na Europeo sa kanilang mga eksplorasyon ng mga kagamitang makakatulong sa kanila upang tuntunin ang kanilang mga destinasyon, ang mga sumusunod ay mga kagamitan sa paglalakbay maliban sa
   a. hourglass
   b. compass
   c. astrolabe
   d. caravel

4. Ito ang mga unang uri ng mga sasakyang pandagat na ginamit ng mga Portuges at Espanyol noong ika-14 hanggang ika-15 siglo
   A. armada
   B. caravel
   C. steam ship
   D. astrolabe

5. Pinasimulan niya ang pagtatayo ng paaralan para sa mga magiging mahusay na mandaragat sa hinaharap at inanyayahan niya ang mga mahuhusay na taga-gawa ng mapa, matematisyan, at astronomero upang mag-aral ukol sa nabigasyon
   a. Bartolomeu Dias
   b. Prince Henry, the Navigator
   c. Ferdinand Magellan
   d. Christopher Columbus

6. Kasunduan na nilagdaan ng Portugal at Espanya na nagsasaad ng pagkilos ng line of demarcation patungong pa-Kanluran at maglatag ng tuluyan nilang paghahati sa mga iba't ibang lugar sa mundo na di pa naabot ng eksplorasyon.
   a. Kasunduan sa Tordesillas
   b. Kautusan ng Papa
   c. Kasunduan sa Paris
   d. Kasunduan sa India

7. Tinagurian siyang Admiral of the Ocean Sea at Viceroy/Gobernador ng mga islang kanyang nadiskubre para sa kaharian ng Espanya
   a. Ferdinand Magellan
   b. Christopher Columbus
   c. Bartolomeu Dias
   d. Hernan Cortes

8. Ang kanyang ekspedisyon ay nagpakilala na ang mundo ay bilog at nagbago sa dating pagkaalam ng mga Europeo na ito ay patag
   a. Bartolomeu Dias
   b. Hernan Cortes
   c. Ferdinand Magellan
   d. Christopher Columbus

9. Ang dalawang bansa na nagpapaligsahan sa eksplorasyon at nabigasyon noong ika-14 hanggang ika-15 siglo
   a. Pransiya at Alemanya
   b. Olandiya at Inglaterra
   c. Pransiya at Inglaterra
   d. Espanya at Portugal

10. Hari at reyna ng Espanya na sumuporta sa mga paglalakbay nina Columbus at Magellan patungo sa Silangan
    a. Ferdinand at Isabella
    b. Carlos at Elizabeth

c. Henry at Anne
d. William at Mary

11. Isang lugar o maliit na bansa na kontrolado ng isang makapangyarihang bansa ang pamamahala
    a. Kolonya
    b. Concessionaires
    c. Sphere of Influence
    d. Teritoryo

12. Organisasyon na nagbibili ng mga stocks o shares sa mga nagnanais na kumita sa interes na maaring ibigay ng isang eksplorasyon
    a. Multinational
    b. Transnational
    c. Joint-stock companies
    d. Banko

13. Sasakyang pandagat na ginamit ng mga Kastila na naglalaman ng mga malalaking bulyon ng mga yamang kanilang nakuha sa mga lugar na kanilang sinakop
    a. Galyon
    b. Caravel
    c. Armada
    d. Steam Ship

14. Pagsisimula ng pagbabago sa pamamaraan ng pangangalakal, pagkakaroon ng mga pamilihang laglagan ng mga produkto at paggamit ng pera sa pamilihan
    a. Rebolusyong Industriyal
    b. Rebolusyong Siyentipiko
    c. Rebolusyong Pulitikal
    d. Rebolusyong Komersyal

15. Maraming mga pamilyang mangangalakal sa iba't ibang panig ng Europa ang yumaman sa pagpapahiram ng puhunan para sa mga eksplorasyon maliban kina
    a. Fugger ng Alemanya
    b. Medici ng Italya
    c. Pazzi ng Italya
    d. Adamsmith ng Scotland

16. Indibidwal na pinagsama ang paggamit ng pera, ideya, hilaw na material at paggawa upang kumita ng malaki sa kanyang negosyo

a. Pesante
b. Mangangalakal
c. Entreprenyur
d. Bourgeoise

17. Bagong teorya ukol sa pambansang patakaran sa ekonomiya na naniniwala na ang kapangyarihan ng isang bansa ay nakabatay sa yamang mayroon ito

a. Merkantilismo
b. Kapitalismo
c. Sosyalismo
d. Pyudalismo

18. Kalakalang nagpasimula ukol sa pangunguha ng mga alipin na maaring magtrabaho sa mga plantasyon ng mga makapangyarihang bansa

a. Kalakalan sa Katubigan
b. Slave Trade
c. Colonial Trade
d. Commercial Trade

19. Portuges na nakadiskubre ng Karagatang Indian

a. Pedro Alvares Cabral
b. Ferdinand Magellan
c. Christopher Columbus
d. Prince Henry, the navigator

20. Sila'y mga mananakop na nagpalaganap ng Kristiyanismo sa mga tao sa lugar na kanilang nasakop


a. Eksplorador
b. Conquistador
c. Manlalakbay
d. Mangangalakal

**ARALIN 1**

**MGA UNANG EKSPLORASYON**



Taong 14 na siglo nang ang mga Europeo ay naghanap ng panibagong ruta na maari nilang gamitin upang makakuha ng mga spices o panlasa para sa kanilang mga pagkain at upang i-preserba ang mga karne. Ang mga produktong matatagpuan sa Silangan ay malaking motibasyon para sa mga Europeo na maghangad ng panibagong rutang pangkalakalan. Ang dating rutang kalakalan ay nasakop na ng mga Muslim na Turko at ang mga mangangalakal na Italyano mula sa Venice, Pisa, at Genoa lamang ang nakagagamit nito dahil sa mataas na buwis na ipinapataw ng mga Turko. Ang panggagalugad ay isang anggulo rin ng kanilang pamamaraan upang mapalaganap ang Kristiyanismo sa mga kapuluan at paniniwalang sila ang magiging daan upang ito'y maging mga sibilisado. Ang bansang Espanya at Portugal ang mga bansa na naging pangunahing tagapagtaguyod ng mga mandaragat mula sa Europa at naging daan sa iba't ibang eksplorasyon sa Asya, Aprika at Latin Amerika.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Natutunton ang mga rutang ginamit ng mga mandaragat na Europeo tungo sa Asya, Aprika at Latin Amerika;
2. Nakikilala ang mga naging pangunahing eksplorador na Europeo noong ika-14 hanggang ika-15 siglo;
3. Natatalakay ang mga pangunahing salik at dahilan na nag-udyok sa ginawang eksplorasyon ng mga taga Europa;
4. Nasusuri ang naging resulta at ambag ng eksplorasyon sa mundo; at
5. Nakabubuo ng isang simpleng journal (sulatin) ukol sa mga naging karanasan ng mga eksplorador sa kanilang mga panggagalugad.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Ipagpalagay na ikaw ay isang eksplorador na naatasan ng hari at ng reyna sa iyong kaharian na manggagalugad ng mga bagong lugar upang mapagkunan ng mga yamang likas at makonberto ang mga katutubo na maging Kristiyano. Tingnan ang larawan sa ibaba at isiping ikaw si Christopher Columbus na hinahabilinan ng hari at reyna. Isulat ang iyong maikling testimonya o kuwento ng iyong paglalakbay (sulatin) sa iyong kwaderno.




**Ang Paghahanap ng Spices**

Mula noong ika-13 siglo ay naging depende na ang Europa sa mga spices na matatagpuan sa Asya lalong lalo na sa India. Ang mga spices ay ginagamit nila bilang pampalasa sa kanilang mga pagkain at upang mapreserba ang mga karne. Ginagamit din nila ito para sa kanilang mga pabango, kosmetiks at medisina. Ang ilan sa mga spices na may malaking "demand" para sa mga Europeo ay ang paminta, cinnamon, at nutmeg.

Ang kalakalan ng spices sa Europa at Asya ay kontrolado ng mga Muslim at ng mga taga-Venice, Italya. Ang mga mangangalakal na Tsino at Indian ay nagbibili ng

mga spices sa mga mangangalakal na Arabe na siyang nagdadala ng mga panindang ito sa mga mangangalakal na taga-Venice. Malaking kita ang inaakyat ng ganitong uri ng kalakalan sa mga mangangalakal na Arabe at Venetian. Dahil sa pagmomonopolyo sa kalakalang ito ay naghangad ang mga Europeong mangangalakal na direktong magkaroon ng kalakalan sa Asya sa mga spices na kailangan nila. Ang pang-lupang kalakalan ay di na garantisadong protektado dahil sa mga pananambang na ginagawa ng mga Mongol kaya mas minabuti ng mga Europeo na gamitin ang katubigan.





**Ang mapa ng ruta ng iba't ibang eksplorasyon ng mga Europeo mula sa ika-14 na siglo**

Hindi lamang ang kita sa kalakalan ang naglunsad sa kanilang mga eksplorasyon kundi ang pagkokonberto rin ng mga katutubo sa relihiyong Katolisismo. Napag-alaman nila na ang relihiyong Islam ay patuloy na lumalaganap sa Asya kaya kailangan na ito'y hadlangan. Ang eksplorasyon ay bunga ng mga malikhaing kaisipan na naikintal ng Renesans sa mga Europeo na lumabas sa kanilang mga lugar at tumuklas ng iba pang mga lugar. Ang mga eksplorasyon na ito ay nagbigay wakas din sa isolasyon ng Europa at naging preparasyon sa paghahangad ng ibang lupain para maging bahagi ng kanilang mga teritoryo.

## Ang mga Teknolohiya ng Eksplorasyon

Ang paglalakbay sa karagatan ay nangangailangan ng kaalaman at iskil ukol sa nabigasyon, paggamit ng mga "accurate" na mapa at mga sasakyang pandagat na makatatagal at kayang maglakbay ng mahabang panahon sa karagatan. Ang mga sinaunang manlalakbay ay gumagamit ng mga palatandaan upang matantiya ang kanilang kinalalagyan. Ng lumaon ay ginamit ng mga manlalakbay ang paggalaw ng mga bituin sa kalawakan at ng araw upang malaman kung saang direksiyon sila patungo. Ang *hourglasses* naman ang ginagamit nila upang malaman ang tagal ng kanilang paglalakbay. Ang paggamit ng ganitong uri ng pagkalkula ay masasabing hindi pa rin eksakto.

Sa pamamagitan ng *compass* na ang unang gumamit ay ang mga Tsino ay naging malaking kapakinabangan ito para sa kanilang pag-alam ng heyograpikal na direksiyon. Noong 1100 ay naging malaking tulong sa mga manlalakbay ang *astrolabe* na napino ng mga Arabe sa dahilang ito ay ginamit upang malaman ang altitude ng araw at ng iba pang mga *heavenly bodies*. Nguni't sa katotohanan kaunti lamang sa mga pinuno ng paglalakbay ang mayroong kaalaman at tiyaga na gamitin ang *astrolabe.*






**Ang Chinese compass , astrolabe at ang makabagong compass na naging gamit ng mga mandaragat sa kanilang ginawang mga paglalakabay sa mga karagatan**

Ang mga mapa rin sa panahong iyon ay masasabing di ganon din ka-accurate para gamitin at maging basehan ng mga manlalakbay sa kanilang nabigasyon sa mga karagatan. Noong ika-13 siglo lamang nakagawa ng mga mahusay na mapa ang mga kartograpo gaya ng paggamit ng *coastal chart* na nagpapakita ng baybayin ng Mediterranean na akma sa tunay na larawan nito. Noong panahon ng Renesans ang mapa na ginawa ng Ehipcio na astrologo na si Ptolemy ay napalathala sa Europa at naisaayos ng mga iskolar sa Byzantine at Arabe isang daang taon ang lumipas. Ang mapang ito ay nagbigay ng bagong pagtuklas at kaalaman ukol sa mukha ng mundo. Maging ang paggamit ng *grid system* na nagpapahayag ng latitud at longhitud ay natutunan din dahil sa paggamit ng mapang nabanggit.

Napaunlad din ang paggawa ng mga sasakyang pandagat na maaring gamitin ng mga eksplorador at matibay sa mga malalakas na hangin na maari nitong masagupa sa paglalayag. Taong 1400 ng mabuo ang sasakyang *caravel* na mas maayos ang pagkakagawa sa mga sinaunang sasakyang pandagat. Karamihan din sa mga *caravel* ay may dala-dalang mga kanyon at riple para pangsanggalang sa anumang masasagupa ng isang manlalakbay.



**Ang sasakyang pandagat na tinawag na caravel at malaki ang naitulong sa paglalakbay ng mga mandaragat na Europeo**

## Pinangunahan ng Portugal ang Panggagalugad

Ang Portugal ang kauna-unahang bansang Europeo na nagkaroon ng interes sa panggagalugad sa Karagatan ng Atlantic upang makahanap ng mga spices at ginto. Sa pagitan ng mga taong 1420 hanggang 1528, ay nakapaglayag ang mga mandaragat na Portuges hanggang sa Kanlurang bahagi ng Aprika upang hanapin ang rutang katubigan patungo sa Asya.


Si Prinsipe Henry, anak ng Haring Juan ng Portugal, ang naging pangunahing tagapagtaguyod ng mga nabigasyon sa pamamagitan ng pag-aanyaya ng mga mahuhusay na mandaragat, taga-gawa ng mapa, matematisyan at astrologo na mag-aaral ng siyensiya ng nabigasyon sa bansa. Siya ang naging patron ng mga manlalakbay kaya ikinabit sa kanyang pangalan ang katawagang *Ang Nabigador.* Sa kanyang mga itinaguyod na paglalakbay ay nakarating ito sa Azores, isla ng Madeira at sa mga isla ng Cape Verde.




**Ang mga isla ng Azores, Madeira at Cape Verde na grupo ng mga isla sa Karagatan ng Atlantiko**

Noong Agosto 1487 natagpuan ni *Bartholomeu Dias* ang pinakatimugang bahagi ng Aprika na naging kilala sa katawagang Cape of Good Hope. Ang paglalakbay ni Dias ay nagpakilala na maaring makarating sa Silangang Asya sa pamamagitan ng pag-ikot sa Aprika.

Samantalang noong 1497 ay apat na sasakyang pandagat ang naglakbay na pinamumunuan ni *Vasco da Gama* mula Portugal hanggang sa India. Ang nasabing ekspedisyon ay umikot sa Cape of Good Hope, tumigil sa ilang mga *trade post* sa Aprika upang makipagkalakalan at nakarating matapos ang 10 buwan sa Calicut, India. Dito natagpuan ni Da Gama ang mga Hindu at Muslim na nakikipagkalakalan ng mga mahuhusay na seda, porselana at panlasa na pangunahing kailangan ng mga Portuges sa kanilang bansa. Hinimok niya ang mga Asyanong mangangalakal na magkaroon ng direktong pakikipagkalakalan sa kanila nguni't di siya gaanong nagtagumpay dito. Sa bansang Portugal ay kinilala siyang isang bayani at dahil sa kanya ay nalaman ng mga Portuges ang yaman na mayroon sa Silangan at ganoon din ang maunlad na kalakalan.




**Ang ruta ng paglalakbay ni Vasco Da Gama**

**Ang Paghahangad ng Espanya ng kayamanan mula sa Silangan**

Ang pagpapakasal nina Haring Ferdinand V ng Aragon at Reyna Isabella I ng Castille noong ika-1400 na siglo ay naging daan upang ang Espanya ay maghangad din ng mga kayamanan sa Silangan. Ang pinagsanib na lakas ng kanilang kaharian ay naging dahilan sa pagpapadala nila ng mga ekspedisyon sa Silangan na ang una ay pinamunuan ni Christopher Columbus, isang Italyanong nabigador. Noong 1492 ay tinulungan siya ni Reyna Isabella na ilunsad ang kanyang unang ekspedisyon na ang kanyang adhikain ay makarating sa India na ang gagamiting daanan ay ang pa-Kanluran ng Atlantiko. Ang kanyang ekspedisyon ay nakaranas ng maraming paghihirap gaya ng walang kasiguraduhan na mararating nila ang Silangan, ang pagod at gutom sa kanilang paglalakbay, at ang haba ng panahon na kanilang inilagi sa katubigan. Nguni't naabot niya ang mga isla ng Bahamas na sa kanyang pagkakaakala ay ang India dahil sa ang kulay ng mga taong naninirahan ay gaya ng mga taga-India kaya tinawag niya ang mga tao dito na *Indians.* Tatlong buwan pa ang inilagi nila sa kanilang paglalakbay hanggang maabot nila ang *Hispaniola* (sa kasalukuyan ay ang mga bansa ng Haiti at Dominican Republic) at ang Cuba. Marami siyang natagpuang ginto dito na makasasapat na sa pangangailangan ng Espanya nguni't sa tingin niya ay di pa rin niya tunay na narating ang mga kilalang sibilisasyon sa Asya.



**Ferdinand V**



**Christopher Columbus**

Pagbalik niya sa Espanya ay pinagbunyi siya sa resulta ng kanyang ekspedisyon at binigyan ng titulong *Admiral of the Ocean Sea, Viceroy at Gobernador ng mga islang kanyang natagpuan sa Indies.* Tatlong ekspedisyon pa ang kanyang pinamunuan bago siya mamatay noong 1506 at narating niya ang mga isla sa Carribean at sa Timog Amerika nguni't di pa rin siya tagumpay sa paghahanap ng bagong ruta patungo sa Silangan.

Masusuri natin sa pangyayari na ito na ang kakulangan sa mga makabagong gamit para sa gagawing paglalakbay gaya ng mapa ay di pa maunlad. Noong 1507, isang Italyanong nabigador, si *Amerigo Vespucci* ang nagpaliwanag na si Columbus ay nakatagpo ng *Bagong Mundo*. Ang lugar na ito nang lumaon ay isinunod sa pangalan niya kaya nakilala ito bilang *Amerika* at naitala sa mapa ng Europa kasama ang iba pang mga bagong diskubre na mga isla.



**Amerigo Vespucci**

**Paghahati ng Mundo**

Dahil sa lumalalang paligsahan ng pagpapadala ng mga ekspedisyon ng Portugal at Espanya ay humingi sila ng tulong sa Papa sa Roma upang mamagitan sa kanilang mga paglalabanan. Noong 1493 ay gumuhit ng *line of demarcation* ang Papa, isang di nakikitang linya mula sa gitna ng Atlantiko tungo sa Hilagang Pola hanggang sa Timugang Pola. Ipinaliliwanag nito na lahat ng mga matatagpuang kalupaan at

katubigan sa Kanlurang bahagi ng linya ay para sa Espanya at sa Silangang bahagi ng linya ay para naman sa Portugal.

Nagduda ang mga Portuges sa naging kinalabasan ng kanilang pagtatanong kaya nagpetisyon sila na baguhin ang naunang linya ng dapat mapunta sa kanila at sa Espanya. Nakikita nila na baka lumawak ang panggagalugad ng Espanya sa kanluran at maaring maapektuhan ang kanilang mga kalakalan sa Silangan. Sa pamamagitan ng Kasunduan sa Tordesillas noong 1494 ay nagkasundo sila na ang line of demarcation ay baguhin at ilayo pa-Kanluran. Ipinakikita dito na noong panahon iyon ay pinaghatian ng lubusan ng Portugal at Espanya ang bahagi ng mundo na di pa nararating ng mga taga-Europa.


**Ang Paglalakbay ni Ferdinand Magellan**




**Ferdinand Magellan**

Noong 1519 ay nagpasimula ang ekspedisyon ni Ferdinand Magellan, isang Portuges na kawal na ang nagpondo ng kanyang paglalakbay ay ang Espanya. Sa ilalim ng watawat ng Espanya ay nais niyang ipagpatuloy ang paghahanap ng rutang

pa-Kanluran tungo sa Silangan. Natagpuan niya ang silangang baybayin ng Timog Amerika o ang bansang Brazil sa kasalukuyan, isang makitid na daanan ng tubig na tinawag na *Strait of Magellan*, pagpapangalan sa malaking karagatan na *Karagatang Pasipiko,* at hanggang sa marating nila ang sa kasalukuyang bansa ng *Pilipinas.* Sa haba ng kanilang paglalayag ay nakaranas ang ekspedisyon ng mga maliliit na pag-aalsa sa mga miyembro ng ekspedisyon, taggutom at pagkauhaw. Nguni't lahat nang ito'y nalagpasan nila sa pamamagitan ng pagkatagpo sa malaking kayamanang ginto, panlasa at pagkonberto sa maraming mga katutubo sa Katolisismo. Ang nasabi ring ekspedisyon ay nagpakilala na maaring ikutin ang mundo at muling bumalik sa dating pinanggalingang lugar ng ang sasakyang *Victoria* ay makabalik sa Espanya kahit napatay na si Magellan ng isang katutubong Cebuano na si *Lapu-lapu.* Ito ang unang *circumnavigation* o pag-ikot sa mundo. Itinama nito ang dating lumang kaalaman ng mga taga-Europa na ang mundo ay patag, naitala sa mapa ng Europa ang iba pang mga kalupaan sa Silangan at lalong nagpakilala ng yaman na mayroon sa Silangan.




**Si Ferdinand Magellan at ang ruta na kanyang ginamit upang marating ang Silangan**



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Kilalanin ang mga sumusunod na nabigador at itala sa iyong kwaderno ang kanilang mga kontribusyon sa nabigasyon

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________



**Tandaan Mo!**

- Ang pangunahing salik na nag-udyok sa mga Europeo na manggalugad ay ang paghahangad sa mga kalakal ng Silangan, makatagpo ng ginto at pilak at makonberto ang mga tao sa Katolisismo
- Si Prinsipe Henry ng Portugal ang nanguna sa pagpapatayo ng paaralan para sa nabigasyon
- Sina Haring Ferdinand V at Reyna Isabella I ng Espanya ang nagpondo sa mga pangunahing ekspedisyon nina Columbus, Vespucci at Magellan
- Ang Kasunduan sa Tordesillas ang naglatag ng paghahati ng Portugal at Espanya sa mga kalupaan at katubigang matatagpuan ng mga nabigador sa Kanluran at Silangang bahagi ng mundo
- Ang ekspedisyon ni Ferdinand Magellan ay nagpakilala na ang mundo ay bilog at maraming yamang matatagpuan sa mga kalupaan sa Silangan



**Gawain 3: Paglalapat**


Sa iyong palagay ano pa ang mga bagay na dapat paghandaan ng isang nabigador kung siya ay patungo sa isang mahabang paglalakbay? Bakit sa iyong palagay ay kailangan ng mga ito?

**ARALIN 2**

**MGA PANGKATUBIGANG IMPERYO**



Ang Kasunduan ng Tordesillas ay naglatag ng matatag na dahilan ng paghahati ng mundo sa pagitan ng Espanya at Portugal. Ang dalawang Europeong bansa lamang na ito ang nagbigay rekognisyon sa nabanggit na kasunduan. Ang Olandiya, Pransiya at Inglaterra ay mga bansang Europeo na nagkaroon din ng interes na sumali sa paligsahan ukol sa panggagalugad ng mga kayamanan sa mga kalupaan na nasa labas ng Europa. Maging ang kalakalan ukol sa paghahangad at pagbibili ng mga alipin ay naging bahagi na rin ng pakikipagkalakalan ng mga bansang Europeo. Ito'y sa dahilang dumami ang mga plantasyon ng iba't ibang produktong agrikultura at nangangailangan ng mga manggagawa na karamihan ay nanggaling sa mga lupaing naging kolonya ng mga bansang Europeo.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Naisasalaysay ang pamamaraang ginamit ng mga bansang Europeo upang makapagtayo ng kanilang mga imperyo sa ibang panig ng daigdig
2. Naituturo sa mapa ang mga lupaing naging karagdagan sa teritoryo ng mga bansang Europeo sa mga lupalop ng Asya, Aprika at Timog Amerika
3. Nasusuri ang naging epekto at bunga ng *slave trade* sa mga bansang naging bahagi ng mga pangkatubigang imperyo

4. Naiguguhit ang larawan ng sasakyang pandagat na ginamit ng mga Europeo sa pagdadala ng mga alipin sa mga plantasyon sa Europa at Amerika



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Suriin mo ang larawan sa ibaba. Saan sa iyong palagay ito ginamit at ano ang naging tulong nito sa mga Europeong naghangad ng katubigang imperyo







**Ang Portugal at Espanya**

Ang interes ng Portugal ay nakatutok sa Aprika at sa Asya upang makipagkalakalan at hindi manakop. Ang mga Portuges ay ang kauna-unahang mga Europeo na nakapaglayag sa Karagatang Indian. Dito nila nakita na ang kabilang bahagi pala ng mundo ay matagal nang ginalugad ng mga Asyanong mandaragat at mangangalakal. Matapos ang ginawang ekspedisyon ni Vasco de Gama, noong ika-15 siglo ay patuloy silang nagpadala ng mga sasakyang pandagat na manggagalugad sa iba pang mga katubigan at dito nakilala si ***Pedro Alvares Cabral****.*



**Pedro Álvares Cabral**

Ang mandaragat na Portuges na ito ay nalagpasan ang isang madugong pakikidigma sa mga Muslim na mangangalakal at tinalo ang isang malaking Arabeng sasakyang pandagat upang kanyang lubusang maitatag ang malaking kolonya ng Portugal sa mga islang nasa Karagatan ng Indian.

Ito ang naging dahilan ng paglalagay ng mga baseng pangkatubigan ng Portugal sa may Karagatan ng Indian, sa may Look ng Persiya at sa Timog Silangang Asya. Ito ang mga lugar na kung saan ay naglagay ang Portugal ng industriya ng paggawaan ng mga sasakyang pandagat na noong panahon na iyon ay malaking pera ang inakyat sa kanyang kabang yaman. Kasunod nito ay ang pagpapalawak ng bansa sa kanyang teritoryo sa Silangang bahagi tungo sa Moluccas o ang kilala bilang Isla ng mga Panlasa hanggang sa magkaroon sila ng matatag na lugar para sa pakikipagkalakalan sa Tsina at Hapon.

Maging ang kasalukuyang bansang Brazil ay nasakop din ni Cabral para sa Portugal samantalang ang malaking bahagi ng Timog Amerika ay naging sakop ng Espanya. Ang mga Portuges ay naglagay dito ng mga plantasyon ng tubo, tabako, kape at bulak. Sa dahilang ang lokal na populasyon ay di nakasasapat sa mga manggagawa na magtratrabaho sa mga plantasyon ay kinailangang magdala ng mga aliping itim na manggagawa mula sa Aprika. Isa sa natirang kolonya ng Portugal ang Brazil hanggang sa huling bahagi ng ika-15 siglo.

## Ang Espanya at ang kanyang Imperyo

Ang mga Espanyol *conquistador* o mananakop ay dumating sa Timog Amerika upang “paglingkuran ang Diyos at ang hari ng Espanya” . ito ang naging matibay niyang katwiran kung bakit nagpasimula ang Espanya sa kanyang pag-kolonya.

Isa sa kilalang Kastilang *conquistador* ay si ***Hernan Cortes***, na tumungo sa Mehiko upang maghanap ng yaman at gintong marami sa panahong iyon sa lugar na nabanggit. Siya ay dumaong sa Tenochtitlan, ang kabisera ng Kabihasnang Aztec.

Pinagkunan: Encarta Encyclopedia

Ang kanyang pagdaong sa Mehiko ay naging isang kababalaghan para sa mga taong nakakita ng kanyang hukbo sa dahilang ang akala ng mga katutubo ay naganap na ang propesiya ukol sa pagdating ng isang maalamat nilang diyos, si ***Quetzatcoatl.*** Pinaniniwalaan ng mga Aztec na ang diyos nilang ito'y na-exile at balang-araw ay darating ito upang maghari sa Angkan ng Aztec. Kaya ang hari na si ***Montezuma II*** ay nagbigay sa kanya ng malaking bahagdan ng ginto at pilak bilang regalo sa kanyang pagdating.






**Ang headdress ni Montezuma II at ang larawan ng kanilang alamat na diyos na si *Quetzatcoatl* na nagkatawang isang malaking sawa na kumakain ng mga buhay na tao**

Ang kayamang mayroon ang kabisera noong panahon ay isang malaking motibasyon para sa mga Kastila at isiping sakupin ito. Sa nangyaring labanan sa dalawang grupo ay mas maraming namatay sa mga Aztec na halos umabot sa 50,000 kaya matapos ang tatlong taon ay naghari sa Mehiko si Hernan Cortes.

Isa pang Kastilang *conquistador*, si ***Francisco Pizarro*** ang sumakop sa Imperyo ng mga Inca sa kasalukuyang bansa ng Peru. Hinuli niya at pinatubos ang pinunong si ***Atahulpa*** at pinatay ang 2,000 mga sundalong bantay nito. Matapos siyang bayaran ng ginto at pilak upang pakawalan ang kanilang pinuno ay minabuti pa rin niyang patayin ito. Sa dahilang namatay na ang pinunong Inca kaya ang lakas ng kapangyarihan ng mga Kastila ay umigting at nakontrol nito ang 375,000 milya kuwadrado o 975,000 kilometro kuwadrado ng kalupaan na may 7 milyong taong naninirahan sa Timog Amerika.



**Francisco Pizarro**




Sinundan pa ng mga Kastilang mananakop si Pizarro na ang naging pokus naman ay ang Hilagang Amerika gaya ni Hernando de Soto noong 1541 ay narating ang Ilog ng Mississipi at ginalugad naman ni Francisco Vasquez de Coronado ang *Grand Canyon.*

Ang mga Kastila ay nagnais na magtayo ng mga kolonya di gaya ng mga Portuges na ang pinagbuti ay ang ukol sa kalakalan. Ang mga kolonya ng Espanya ay nakarating sa *Kanlurang Indies, Sentral Amerika, Timog Amerika at ang ilang bahagi ng kasalukuyang Estados Unidos.* Ang mga Kastilang *viceroy* ang namuno sa mga nasakop niya at naging kolonya. Ang ginawang pamumuno ng mga Kastila sa kanyang kolonya ay may kahalong karahasan sa dahilang ang mga katutubo ay nais nilang sumunod sa mga batas na pinatutupad ng hari at makonberto sa Katolisismo. Pinuwersa nila ang mga katutubo na magbigay ng libreng trabaho para sa Pamahalaang Kolonyal at sa pagtatayo ng mga Simbahan. Ang pagtatanim ng tubo at tabako ang mga pangunahing industriyang agrikultural ang kanilang itinatag at ang ikalimang bahagi ng matatagpuang ginto at pilak ay bahagi para sa Pamahalaang Kolonyal. Ang mga yamang ito ang nag-udyok din sa mga Espanyol ang maging tiwaling pinuno dahil sa paghahangad ng malaking kita.

## Mga Kolonya ng Olandiya

Ang Olandiya ay nagpasimulang magkaroon ng malaking interes sa kalakalan simula noong ika-15 siglo matapos na makuha niya ang kanyang kalayaan sa mga Espanyol. Kaunti lamang ang mga yamang likas nito nguni't mayroon itong mayayamang mga mangangalakal na nakitang ang komersiyo ang maaring malaking pagkakikitaan nang paanhon na iyon.

Ika-16 na siglo nang makamit nito ang Ginintuang Panahon sa komersiyo at kalakalan. Ang *Amsterdam* ang naging pinakamalaking siyudad sa komersiyo at ang mga Olandes ang mga Europeong nagtamasa ng mataas na antas ng pamumuhay.



**Ang siyudad ng Amsterdam, Netherlands**

Noong 1602 ay itinatag ng Olandiya ang *Dutch East Indies Company* upang maging daan sa pagpapalawak ng kanyang komersiyo sa Asya. Ang pinakapunong himpilan nito ay inilagay sa Batavia, isla ng Java ng kasalukuyang bansa ng Indonesia. Lalo niyang napalakas ang pagiging makapangyarihan sa kalakalan ng mapaalis ang mga *trade posts* ng Ingles at Portuges sa Asya. Nang makuha niya ang Malaka sa mga Portuges ay tuluyan na nitong nakontrol ang kalakalan sa *Spice Island.* Gumamit din siya ng puwersa sa mga Muslim na mangangalakal upang di ito maging sagabal sa paglawak ng kanyang komersiyo at kalakalan.

Noong 1621 sa tulong ng Ingles na nabigador na si ***Henry Hudson*** na nasakop ang baybayin ng Atlantiko ng Hilagang Amerika at ito rin ang naging pasimula ng *Dutch West India Company.* Inilagay ng kompanya ang kanyang himpilan sa Isla ng Manhattan na matatagpuan sa bunganga ng ilog ng Hudson.



**Si Henry Hudson at ang Ilog ng Hudson na pinangalan sa kanya sa Manhattan, USA**

Ang mga Olandes ay nagtatatag din ng pamayanan sa Aprika sa pamamagitan ng mga ***Boers***, mga magsasaka na nanirahan sa may Cape of Good Hope. Nguni't ng ika-17 siglo ay humina na ang kapangyarihang pangkomersiyo ng Olandiya at ito'y pinalitan ng Inglaterra bilang pinakamalakas na imperyong pangkatubigan ng Europa.

**Mga Kolonya ng Pransiya at Inglatera**

Maliit na bahagi lamang ang naging kontribusyon ng Pransiya at Inglaterra sa unang bahagi ng eksplorasyon. Ito'y sa dahilang may dalawang malaking suliranin silang kinaharap ang ukol sa alitang dulot ng relihiyon at mga digmaang sibil. Nguni't noong ika-15 siglo ay sumama na rin sila sa pangtubigang pagpapalawak ng kanilang mga teritoryo.

Taong 1524 ng kinuha ng mga Pranses ang Italyanong nabigador na si ***Giovanni da Verrazano***, upang hanapin ang Hilagang Kanluran daan mula sa Amerika tungo sa Asya. Nguni't di siya nagtagumpay sa ginawang panggagalugad at narating niya lamang ang Hilagang Carolina patungo sa Maine, ngayo'y estado ng Amerika. Sampung taon ang makaraan nang matagpuan ni ***Jacques Cartier*** ang kasalukuyang Montreal, Canada. Si ***Samuel de Champlain*** naman ay natagpuan ang Quebec at si ***Robert Cavalier*** naman ay sinakop ang kabuuang bahagi ng Ilog ng Mississipi para sa Pransiya. Nagpadala rin sila ng mga Heswitang misyonero upang ikonberto ang mga katutubong Amerikano sa Katolisismo. Nakipagkalakalan sila sa mga katutubo sa pamamagitan ng pakikipagpalitan ng mga kumot, baril, alak para sa balat ng mga hayop at maging ang mga isda at kahoy na matatagpuan sa mga lugar na kanilang nasakop. Dinala rin ng mga Pranses ang mga aliping Aprikano sa mga islang kanilang sinakop sa Kanlurang Indies gaya ng St. Kitts, Martinique at Guadeloupe upang katulunging sila sa pagtatanim sa mga plantasyon ng tubo at tabako.






**Jacques Cartier** **Samuel de Champlain**

Ang Inglaterra naman noong 1497 nagpasimulang magpakita ng interes sa pangkatubigang kalakalan. Si ***John Cabot*** na isang Italyanong nabigador ang nagbigay ng mga unang kolonya sa Inglaterra gaya ng Newfoundland, Nova Scotia at New England na kasalukuyan ay bahagi ng Canada at Amerika. Isang daan taon pa bago

nakapagtayo ng permanenteng kolonya dito ang Inglaterra dahil sa mga panloob na alitan na nangyayari noon sa bansa. Noong ika-15 siglo ang karamihang mga kapitan sa barko na Ingles ay naging pirata sa mga sasakyang pandagat ng mga Kastila at Portuges. Ito'y upang makapag-ipon ng ginto at pilak na napkahalaga noong panahon na iyon. Si ***Francis Drake***, isa sa kinilalang mahusay na nabigador noong panahon ng pamumuno ni Reyna Elisabeth I ng Inglaterra ay dating pirata. Siya ang kauna-unahang Ingles na nakalibot sa mundo. Makaraan ang anim na taon pinamunuan niya ang mga sasakyang pandagat ng mga Ingles na tumalo sa *Spanish Armada*. Ang pagwasak sa Spanish Armada ay nagpahina sa kapangyarihang Espanya sa Europa. Naging bahagi ng teritoryo ng Inglaterra ang mga isla ng Jamaica, Bahamas at Barbados. Itinatag din nila ang *English East India Company*. Ipinakilala rin nila ang industriya ng tubo at tabako sa mga islang kanilang sinakop at pareho ng mga Pranses ay nagdala sila ng mga aliping Aprikano upang magtanim sa mga plantasyon. Malaki ang kanilang kinita sa mga patanimang ito.



**Sir Francis Drake**

Taong 1606 ng ang Virginia Company ng London ay nagpadala ng ekspedisyon sa Hilagang Amerika upang maghanap ng ginto at pilak. Itinatag ng kompanya ang isang permanenteng pamayanan sa Jamestown na sa kasalukuyan ay Virginia. Sinundan ito ng isang grupo ng mga mananampalatayang kabilang sa *pilgrim* na nagtatatag ng panibagong pamayanan sa Plymouth ngayon ay Massachusetts.




***First Sermon at Plymouth***

**Kalakalan ng Alipin (*Slave trade*)**

Naging malaking pangangailangan ng mga bansang Europeo ang mga manggagawa sa kanilang mga plantasyon. Dahil sa kakulangan ng mga magtatanim sa plantasyon ay naging kalakalan ang pakikipagpalitan ng mga produkto para sa mga aliping itim na magtratrabaho sa mga taniman. Ginawang hanapbuhay ng mga Europeo ang maghanap ng mga alipin sa Aprika maging gumamit man ng puwersa at pang-aabuso sa mga ito.

Napakahirap ng ginagawang paglalakbay ng mga alipin dahil mula sa kanilang pinanggalingan ang mga sasakyang ginagamit para magdala sa kanila sa pamilihan upang doon sila ipagbili ay hindi kondusibo para sakyan at napakatipid ang ginagawang pagpapakain sa kanila. Ang mga ganitong sitwasyon ay naging daan sa mga pag-aalsa ng malaking bilang ng mga aliping itim laban sa mga puting nangabuso sa kanila. Ang pinakamatagumpay na rebelyon na inilunsad ng mga alipin ay nangyari sa islang teritoryo ng Pransiya ang Saint Domingue noong 1793 at nagresulta sa pagiging malaya ng ngayon ay bansang Haiti noong 1804.






**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Magtala ng mga bagay n matatgpuan o makikita sa mga sumusunod na banasa

a. Peru - ______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

b. St. Kitts, Martinique&Guadeloupe - ______________________________

______________________________________________

______________________________________________

c. Mexico - ______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

d. Plymouth - ______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

e. Haiti - ______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________



Tandaan Mo!

- Ang mga bansang Espanya at Portugal ang nag-umpisa ng eksplorasyon sa mga bansang nasa Asya, Aprika at Latin Amerika
- Iba't iba ang pamamaraan ng pagtatatag ng pangtubigang imperyo ng mga bansang Europeo sa Asya, Aprika at Latin Amerika
- Noong ika-15 siglo ay nagkaroon ng malaking interes sa kalakalan at komersiyo ang mga bansang Olandiya, Pransiya at Inglaterra
- Ang slave trade ay naging malaganap dahil ito'y dulot ng malaking pangangailangan sa mga manggagawa na magtatanim sa mga plantasyon



**Gawain 3: Paglalapat**

Gumuhit ng sasakyang pandagat na sa iyong palagay ay dapat na ginawang sasakyan sa pakikipagpalitan ng mga produkto at kinalagyan ng mga aliping ipagbibili sa mga pamilihan. Ilagay sa isang buong papel.

## ARALIN 3
## PAGBABAGO NG PAMARAAN SA PAMUMUHAY



Ang panahon ng eksplorasyon ay nag-iwan ng malaking pagbabago sa pamumuhay ng lipunan at kabihasnan ng mundo. Ang pang-katubigang kalakalan at pananakop ng mga bansang Europeo ay naging daan sa pag-unlad ng ekonomiya ng Europa. Ang pamamaraan sa pakikipag-kalakalan at ang pagbabangko ay napaunlad kaya ito'y nagdulot ng malaking kita sa mga bansang Europeo. Ang pambansang ekonomiya na Merkantilismo ay umusbong na binigyang diin ang kapangyarihan ng isang estado ay nakabatay sa yaman at dami ng ginto at pilak na mayroon ito.

Nagkaroon din ng asimilasyon ang kabihasnang Europa sa Asya, Aprika at Timog Amerika.

Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Natatalakay ang naging resulta ng eksplorasyon sa lipunan at kabihasnan ng mundo;
2. Nailalarawan ang mga bagong pamamaraan pangkabuhayan naipakilala sa panahon ng Rebolusyong Komersiyo;
3. Nasusuri ang mga epekto at bunga ng pag-unlad ng kalakalan at pagbabangko sa lipunan at pangkabuhayan ng mundo; at
4. Nakapagbubuo ng mga pamamaraan na maaring gamitin ng isang mangangalakal upang mapaunlad ang kanyang negosyo

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Suriin ang larawan at sabihin kung ano ang kaugnayan nito sa komersiyo at kalakalan sa pagitan ng Europa at Asya



**Ang Rebolusyong Komersyal**

Noong ika-16 na siglo ay pinalitan ng mga nasyon ang dating mga siyudad at pamayanan bilang pang-ekonomiyang yunit ng lipunan. Bawa't isang nasyon ay may iba't ibang pamamaraang ginagamit sa kanilang mga pamilihan at pakikipagkalakalan. Ang mga pamamaraang ito ay naging dahilan para patuloy na mamuhunan ang mga mangangalakal at maghangad ng malaking tubo. Nagsilbi itong panimula sa pagkakaroon ng ekonomiyang pera o money economy.

Malaki ang naging puhunang ibinibigay ng mga nagnanais na sumuporta sa panggagalugad kaya nangailangan ng mga taong maaring magpahiram o magpautang ng pera sa mga ilulunsad na mga ekspedisyon. Ang mga mangangalakal noong una ay nanghiram sa mga mayayamang may banko gaya ng pamilya ng Medici sa Florence, Italya at ang Fuggers ng Ausburg, Alemanya. Naging mabisang instrumento sa pag-aakyat ng malaking kita ang ganitong klase ng kalakalan kaya ang mga nabanggit na pamilya ay yumaman ng husto pagdating ng ika-15 siglo. Sila rin ang mga naging pangunahing patron ng iba't ibang larangan ng sining sa dahilang maari silang magpa-aral ng isang mahusay na pintor o iskultor. Ito'y nagbigay daan sa mas mataas na uri ng pamumuhay at kultura sa mga Europeo.

Pagdating ng ika-16 na siglo ang mga bankong pag-aari at pinamumuhunan na ng mga bansa ang pumalit sa mga pamilyang may banko. Naragdagan pa ang tungkulin ng nasabing mga *government chartered banks* dahil maari rin silang magpalit ng pera mula sa isang bansa kung gagamitin sa ibang bansa(money changer) at nagtatakda rin ito ng halaga upang maging kapalit ng pera ng isang bansa. Ang mga indibidwal naman na nais maragdagan ang kanilang mga kita ay pumasok sa tinatawag na *joint stock companies.* Ito'y mga organisasyon na nagbibili ng *stocks* o nakikihati sa mga kikitain mula sa eksplorasyon at nagbabakasakali sa maaring maging bunga ng mga ekspedisyong pinadadala sa Asya, Aprika at Timog Amerika. Kung magkaroon man ng mga pagkalugi ay madaling mapondohan muli sa dahilang marami ang namumuhunan at nagpapatakbo ng negosyong pagbabangko. Ilan sa mga nakilalang *joint stock companies* ay ang Dutch East India Company at ang pamahalaan ng Olandiya na nagkaroon ng malaking pagkontrol sa mga kalakalan sa lupalop ng Aprika at East

Indies. Nagbigay din ito ng kapangyarihan upang maglunsad ng mga digmaan, humadlang ng mga sasakyang pandagat, gumawa ng *coin money* at magtatag ng mga pangkomersyong kolonya. Ang mga pamahalaan na kaugnay nila ay kumikita sa pamamagitan ng mga buwis na ibinabayad ng mga kompanya at mga mamahaling mga produkto na galing sa mga kolonya.


## Karagdagan sa Pera at ang Merkantilismo

Sa dahilang nagpasimula ng gamitin ang perang barya, ang mga ginto at pilak na dinadala sa mga bansang nangolonya ay lalong nagiging mahalaga hanggang ito ang naging dahilan ng pagtaas ng halaga ng pera. Maraming mga indibidwal ang nagpasimulang pagsamahin ang pera, ideya, hilaw na mga materyales at paggawa na tinawag na mga **entreprenyur**. Ang mga taong ito ay kumita ng malaki na nagsilbing daan sa malakihang kalakalan at komesryo sa ibayaong dagat ng mga bansang Portugal, Espanya, Inglaterra at Olandiya. Ito rin ang naging daan upang ang dating mga siyudad estado na maunlad gaya ng Venice at Genoa sa Italya ay unti-unting humina ang kalakalan sa ibayong dagat.


Isinilang ang sistemang pangkabuhayan na Merkantilismo na kung saan ang kapangyarihan ng isang bansa ay nakasalalay sa yaman nitong taglay. Pinaniniwalaan ng mga Europeo na ang dami o *bulyon* ng ginto at pilak na mayroon nito ay pagpapakilala ng katatagan ng kanyang pangkabuhayan.



(c) Microsoft Corporation. All Rights Reserved.



(c) Microsoft Corporation. All Rights Reserved.



(c) Microsoft Corporation. All Rights Reserved.

Ang sistemang ito ang lalong nagtulak sa mga bansang Europeo na maghanap ng mga kolonya na maaring mapagkunan ng malaking bilang nga mga mineral gaya ng ginto at pilak. Ito ang naging pamamaraan ng Espanya ng sakupin nito ang malaking bahagi ng Kabihasnang Inca sa Peru at ng Aztec sa Mehiko. Ang isa pang pamamaraan ay ang pakikipagkalakalan sa pamamagitan ng mas maraming bilang ng iniluluwas na produkto mula sa kanila tungo sa kanilang mga kolonya at maliit na bahagi lamang ang kanilang pinapapasok na produkto mula sa kolonya tungo sa kanilang mga bansa upang maiwasan ang kompetisyon.

Naging malaking gamit para sa mga bansang nangolonya ang mga hilaw na materyales at pagtatatag ng mga pamilihan sa kanilang mga kolonya. Ang pangunahing dahilan ng pagkakaroon ng mga kolonya ay para makatulong sa pagiging matatag ng pangkabuhayan ng mga bansang Kolonyal at pagtatayo ng mga Imperyo sa ibayong dagat.





**Isang kolonyang bansa ng Inglaterra habang dumadaong ang kanilang mga sasakyang pandagat sa pantalan upang makipagkalakalan**

**Ang Pagbabagong Panlipunan at Pang-relihiyong Kaisipan sa Europa**

Lumaki ang mga populasyon sa Europa matapos ang *Black Death* at lumaki ang mga sentro ng kalakalan ng bawa't isang bansa dahil sa mga naging kolonya sa ibang lupalop. Bagong mga ideya, kaisipan at produkto ang pumasok sa Europa. Ang mga pagkaing gaya ng mais, tsokolate, at patatas at mga inuming gaya ng kape at tsaa ay naging mataas ang pangangailangan para sa mg Europeo. Ang mga *ivory* na galing sa Aprika, pabango, seda at mga alahas na galing sa Silangang Asya ay nakilala sa mga pamilihan ng Europa.

Nabuo rin ang panggitnang uri ng mga tao sa lipunan na karamihan ay mga mangangalakal na yumaman dahil sa kalakalan. Nakilala ang iba't ibang paniniwala at kultura ng Asya sa Europa at ng Europa sa Asya. Maging ang mga benepisyo ng mga manggagawa ay nabigyang tuon din sa dahilang kailangan ng mga malulusog na manggagawa sa mga agrikultural na plantasyon. Ang ibayong dagat na kolonya ay naging laglagan din ng mga sobrang produkto nila at tapunan ng mga mahihirap, kriminal at *outcasts* sa kanilang lipunan.

Dahil din sa pang-ekonomiyang presyur at ibang pananampalataya ay maraming mga Europeo ang umalis sa kanilang mga bansa upang magpunta sa Timog Amerika. Karaniwan silang bumuo ng kanilang mga pamayanan sa mga teritoryong pag-aari ng Olandiya at Inglaterra. Mas naging bukas o tolerable ang mga nasabing bansang Europeo kaysa sa mga Kastilang pinapatay ang mga taong tiwalag sa Katolisismo o kaaway ng Simbahan sa pamamagitan ng Inquisition at ng mga Pranses sa kanilang ginawa sa mga Protestanteng Huguenots.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Naniniwala ka ba na kapwa nakinabang sa aspektong pangkabuhayan at panlipunan ang Europa at ang kanyang mga sinakop na bansa sa lupalop ng Asya, Aprika at Timog Amerika? Pangatwiranan

________________________________________________________


__________________________________________________________

___________________________________________________________________________

___________________________________________________________________________

___________________________________________________________________________

___________________________________________________________________________



**Tandaan Mo!**

- Ang sistemang Merkantilismo ay isang sistemang pangkabuhayan na ang binibigyang diin ay ang taglay na yaman ng isang bansa
- Ang sistemang pagbabangko ay naging malaking tulong sa pagpapahiram ng puhunan at pera sa mga ekspedisyong inilunsad ng mga bansang Europeo sa ibayong dagat
- Naging malaki ang bunga sa lipunan at ekonomiyang kalakaran ng Europa at Silangan ng eksplorasyon at pagkolonya ng una
- Ang entreprenyur ay isang taong naghahangad ng malaking tubo sa kanyang mga produkto sa pamamagitan ng kanyang pagsasama-sama ng pera, ideya, hilaw na materyales at paggawa sa produksiyon



**Gawain 3: Paglalapat**

Isipin na ikaw ay isang entreprenyur noong ika-17 siglo. Mag-imbento ng mga pamamaraan kung paano ka magkakaroon ng malaking kita at tubo sa pamamagitan ng iyong puhunan at talento. Isama ang posibleng *risks* na iyong maaring makasagupa. Isulat ang iyong sagot sa kwaderno.



## MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO

Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?

- Ang pangunahing salik na nag-udyok sa mga Europeo na manggalugad ay ang paghahangad sa mga kalakal ng Silangan, makatagpo ng ginto at pilak at makonberto ang mga tao sa Katolisismo
- Si Prinsipe Henry ng Portugal ang nanguna sa pagpapatayo ng paaralan para sa nabigasyon
- Ang ekspedisyon ni Ferdinand Magellan ay nagpakilala na ang mundo ay bilog at maraming yamang matatagpuan sa mga kalupaan sa Silangan
- Iba't iba ang pamamaraan ng pagtatatag ng pangtubigang imperyo ng mga bansang Europeo sa Asya, Aprika at Latin Amerika
- Ang slave trade ay naging malaganap dahil ito'y dulot ng malaking pangangailangan sa mga manggagawa na magtatanim sa mga plantasyon
- Ang sistemang Merkantilismo ay isang sistemang pangkabuhayan na ang binibigyang diin ay ang taglay na yaman ng isang bansa
- Ang sistemang pagbabangko ay naging malaking tulong sa pagpapahiram ng puhunan at pera sa mga ekspedisyong inilunsad ng mga bansang Europeo sa ibayong dagat
- Naging malaki ang bunga sa lipunan at ekonomiyang kalakaran ng Europa at Silangan ng eksplorasyon at pagkolonya ng una



**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT:**

I. Panuto: Bilugan ang letra ng tamang sagot

1. Ang kauna-unahang bansang Europeo na naglunsad ng eksplorasyon sa mga kalupaan at karagatan sa Silangan
   a. Espanya
   b. Portugal
   c. Olandiya
   d. Inglaterra

2. Ang instrumentong ginamit ng mga nabigador upang malaman ang heyograpiyang direksiyon sa kanyang paglalakbay
   a. Astrolabe
   b. Hourglass
   c. Compass
   d. Mapa

3. Ang isla sa Silangang na kilala sa dami ng mga panlasa na maaring matagpuan at makuha dito
   a. Batavia
   b. Madeiras
   c. San Domingue
   d. Malaka

4. Ang kanyang ekspedisyon ay nagpatunay na ang mundo ay bilog
   a. Ferdinand Magellan
   b. Christopher Columbus
   c. Prince Henry
   d. Bartolomeu Dias

5. Isang sasakyang pandagat na unang ginamit ng mga manlalakbay Europeo sa kanilang mga eksplorasyon
   a. Banca
   b. Caravel
   c. Spanish Armada
   d. Steam Boat

6. Ang kasunduan na binuo para maging maliwanag ang gagawing paghahati sa kanilang eksplorasyon ng Portugal at Espanya
   a. Bull Treaty
   b. Paris
   c. Tordesillas
   d. Potsdam

7. Mga Kastilang mananakop na gumamit ng dahas upang makuha ang isang lugar para sa pangalan ng Simbahan at ng hari
   a. Mangangalakal
   b. Sundalo
   c. Misyonero
   d. Conquistador

8. Bansang may malaking sakop na lupain sa Timog Amerika noong ika-16 na siglo
   a. Olandiya
   b. Espanya
   c. Inglaterra
   d. Portugal

9. Italyanong nabigador na nakapaglakbay sa bahagi ng Newfoundland, Nova Scotia at New England gamit ang dinaanan ni Columbus
   a. Jacques Cartier
   b. Samuel de Chaplain
   c. John Cabot
   d. Henry Hudson

10. Ang mga produktong ito ay naging mataas ang pangangailangan sa Europa maliban sa
   a. Asukal
   b. Tabako
   c. Seda
   d. Patatas

11. Ang Dutch East Indies sa kasalukuyan ay bansang
   a. Malaysia
   b. Indonesia
   c. Pilipinas
   d. Singapore

12. Kalakalang pangunguha ng mga alipin sa Aprika upang maging manggagawa sa mga plantasyon
   a. Slave trade
   b. Commercial trade
   c. Middle Passage
   d. Eksplorasyon

13. Sistemang pangkabuhayan na nagbibigay diin sa pagkakaroon ng kayamanan ng isang bansa
   a. Komunismo
   b. Sosyalismo
   c. Merkantilismo
   d. Bulyonismo

14. Doktrinang nagsasabi na ang may maraming kayamanan na ginto at pilak na bansa ay pagpapakilala ng kanyang kapangyarihan at katanyagan
   a. Merkantilismo
   b. Bulyonismo
   c. Kapitalismo
   d. Sosyalismo

15. Mga mangangalakal na yumaman dahil sa pagbabangko
   a. Ayala at Araneta
   b. Sy at Dee
   c. Medici at Fuggers
   d. Ty at Gates

16. Ang mga bansang Europeo ay kumita ng malaki sa pagtatatag ng mga kolonya sa lupalop ng Asya, Aprika at Timog Amerika maliban sa
   a. Belgium
   b. Olandiya
   c. Inglaterra
   d. Espanya

17. Organisasyong binuo ng mga mangangalakal upang magkaroon ng malaking puhunan at tubo sa komersyong kanilang sasalihan
   a. Joint stock companies
   b. Bangko
   c. Trade Union
   d. Confederation

18. Naging pangunahin at madaling gamit ng mga mangangalakal bilang pamalit sa kanilang mga produkto
   a. Perang Barya
   b. Ginto
   c. Pilak
   d. Sigay

19. Indibidwal na pinagsanib ang kanyang pera, ideya, hilaw na materyales at paggawa sa kanyang pag-nenegosyo

a. Mangangalakal
b. Entreprenyur
c. Nobilidad
d. Hari

20. Isinunod sa kanyang pangalan ang pagkakatagpo ng Bagong Mundo o ang Amerika

a. Amerigo Vespucci
b. Christopher Columbus
c. Hernan Cortes
d. Pedro Cabral



## GABAY SA PAGWAWASTO:

**PANIMULANG PAGSUSULIT**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. C | 6. A | 11. A | 16. C |
| 2. A | 7. B | 12. C | 17. A |
| 3. D | 8. C | 13. A | 18. B |
| 4. B | 9. D | 14. D | 19. C |
| 5. B | 10. A | 15. D | 20. B |

### ARALIN 1 MGA UNANG EKSPLORASYON

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Ang sagot ay maaring magkakaiba. Isangguni sa gurong tagapamahala ang iyong sagot.

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Christopher Columbus- Karagatang Indian

Ferdinand at Isabella- mga ekspedisyong inilunsad ng Espanya

Amerigo Vespucci – Bagong Mundo

Ferdinand Magellan- Strait of Magellan, Pilipinas

**Gawain 3: Paglalapat**

Mga pagkain, kagamitan sa paglalakbay, tubig, konkretong plano kung saan tutungo

### ARALIN 2 MGA PANGKATUBIGANG IMPERYO

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Sasakyang ginamit para sa mga aliping kinuha sa Aprika ng mga Europeo

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ang sagot ay maaring magkakaiba. Isangguni sa gurong tagapamahala ang iyong sagot.

**Gawain 3: Paglalapat**

Ang sagot ay maaring magkakaiba. Isangguni sa gurong tagapamahala ang iyong sagot.

**ARALIN 3 PAGBABAGO NG PAMARAAN SA PAMUMUHAY**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Mga produkto na naging bahagi ng kalakalan ng Asya sa Europa

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ang sagot ay maaring magkakaiba. Isangguni sa gurong tagapamahala ang iyong sagot.

**Gawain 3: Paglalapat**

Ang sagot ay maaring magkakaiba. Isangguni sa gurong tagapamahala ang iyong sagot.

**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. B | 6. C | 11. B | 16. A |
| 2. C | 7. D | 12. A | 17. A |
| 3. D | 8. B | 13. C | 18. A |
| 4. A | 9. C | 14. B | 19. B |
| 5. B | 10. D | 15. C | 20. A |